

Ang mga Benepisyo ng IA/Magsasaka mula sa programang ito:

1. Mapaunlad ang kakayahan ng IA upang pamahalaan ang kanilang samahan at sistema ng patubig.
2. Mapaunlad ang “sense of ownership and belongingness” ng mga indibidwal na magsasaka.
3. Magbigay ng mga pagkakataon para sa mga magsasaka na makilahok sa iba’t-ibang mga gawain na nauugnay sa pagpapatakbo at pagmamantine ng Sistema ng patubig.
4. Tiyakin ang regular na pagmamantine ng Sistema ng patubig na magbubunga sa malawak na patubigan, mataas na ani at maiwasan ang pinsala sa Sistema ng patubig.
5. Pagkakaloob ng karagdagang pondo sa IA sa pamamagitan ng mga sumusunod:
 - a. Maintenance Compensation - makakakuha ang IA ng P2,800.00 kada pagmamantine sa 7 km sa lined canal kg 3.5 km sa earth canal. Tatlo (3) pagmamantine sa kada cropping.
 - b. Operation Compensation - Ang IA ay tatanggap ng P150.00 kada cropping na kabayaran sa pamamahala ng patubigan at ito’y pagkakaloob sa pamamagitan ng pagsusumite ng list of irrigated planted area (LIPA) sa NIA.

Contact us:

RIM's Office (044) 766-2467
Administrative & Finance Division (044) 816-6808
Engineering and Operations Division (044) 766-4839
BANE IMO (044) 766-3888
PAMBAT IMO (045) 305 7816
TARZAM IMO (045) 491 4323
Email: r3@nia.gov.ph
NIA R3 Website: region3.nia.gov.ph
www.facebook.com/niar03



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL IRRIGATION ADMINISTRATION
REGIONAL OFFICE NO. III



Mga kaibigang magsasaka, may bagong programa para sa Irrigators' Association!

“Irrigation Management Transfer (IMT) Program”



Ano ang
IMT?



Ang Irrigators Association (IA) ay grupo ng mga magsasakang kumukuha ng patubig sa iisang daluyan o lagusan na inorganisa upang maging maganda ang takbo ng patubigan at makinabang ang lahat ng mga kasapi.

Para saan ang responsibilidad natin at ng ating samahan?



May Responsibilidad tayong gumawa ng pag-unlad upang makamit natin ito!

Pamamahala

1. Maghanda ng plano ng pamamahala ng patubig kasama ang NIA isang buwan bago ang simula ng pagpapadaloy ng tubig.
2. Magbigay ng impormasyon sa pamamahagi ng tubig at iskedyul ng pagtatanim sa mga magsasaka.
3. Subaybayan sa pamamahagi ng tubig ng pantay sa mga kasapi.
4. Pangalagaan ang Karapatan ng lahat ng pagsasaka, malapit man ito o malayo sa headgate o sa lugar kung saan manggagaling ang tubig.
5. Magsumite ng kalagayan ng sakahan, kasama ang kalagayan ng patubig at listahan ng napatubigan at luwang ng natamnan.
6. Isaayos ang mga di-pagkakaunawaan na may kinalaman sa patubig ng mga magsasaka sa antas ng TSAG.
7. Bumuo at ipatupad ang mga patakaran sa patubig kasama ang parusa sa lahat ng lalabag.
8. Magbigay ng bagong talaan ng mga miyembro ng TSAG na gumagamit ng patubig bawat taniman.

Pagsasa-ayos at Pangangalaga

1. Maghanda ng taunang pagpapalano sa pagsasaayos at pangangalaga kasama ang NIA sa mga pasilidad na sakop ng IA.
2. Isagawa ang Gawain ng pagsasa-ayos at pangangalaga batay sa ginawa ng IA kasama ang NIA.
3. Ang mga karaniwang pangangalaga tulad ng pag-aalis ng balik sa mga sukatan na ginagamit sa pagpapadaloy ng tubig, paglilinis o pag-alis ng mga lumutang na dumi na bumabara sa istraktura ng patubig at ganon din ang dumi at bara sa estraktura, pagsasa-ayos sa mga tagas sa control gates at check structures at paglalagay ng grasa at langis sa mga gates.
4. Panahunang pagsasa-ayos ng kanal kasama ang manual deselting, pagputol o pagtagal ng mga damo at iba pang halaman sa canal embakment.

Ipinagbabawal sa aming Kanal

1. Pagtatanim ng mga puno, halaman sa gilid ng mga canal.
2. Pagpapagawa o pagtatayo ng mga istraktura sa ibabaw ng kanal.
3. Pagtatapon ng basura sa kanal o sa gilid ng kanal.
4. Pagtatali ng hayop sa gilid ng mga kanal.
5. Pagpapaligo ng mga kalabaw sa kanal.
6. Paggawa ng mga illegal na butasan o daanan ng tubig na walang permit sa NIA.

